

Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan

Department of Toxic Substances Control (Kagawaran sa Pagkontrol ng
Nakakalasang Sangkap)

Opisyal na Patakaran

PATAKARAN SA PAG-ACCESS NG WIKA

DTSC-XX-

XXXX

Paksa/Pamagat ng Patakaran

Opisyal na Numero ng Patakaran

Draft

Petsa ng Pagbigay/Petsa ng Bisa

Mga Serbisyong Bilingual (DTSC-14-003) (Peb. 20, 2015)

Pinapalitan ang (Mga) Numero ng Patakaran

Lahat ng Kawani

Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil

Target na Audience

Yunit na Nagbigay

Barbara A. Lee

Direktor

Pangalan

Titulo

Draft

Lagda

Petsa ng Paglagda

PATAKARAN SA PAG-ACCESS NG WIKA

PETSA

DTSC-XX-XXX

*Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan*

TALAHANAYAN NG MGA NILALAMAN

Pahina

- I. PAHAYAG NG PATAKARAN
- II. LAYUNIN
- III. MGA MAKABULUHANG AWTORIDAD
- IV. PAGPAPATUPAD NG PATAKARAN
- V. MGA KAHULUGAN
- VI. MGA PAMAMARAAN SA PAG-ACCESS SA WIKA
- VII. MGA KATANUNGAN AT MGA REKLAMO
- VIII. MGA DULUGAN

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

I. PAHAYAG NG PATAKARAN

Ang Department of Toxic Substances Control (Kagawaran sa Pagkontrol ng Nakakalasang Sangkap) (DTSC) ay naninindigan sa pagsisiguro ng maaga, patas, at makabuluhang access sa mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad at impormasyon ng DTSC sa mga taong may Limited English Proficiency (Limitadong Kagalingan sa Ingles) (LEP).

II. LAYUNIN

Ang layunin ng patakarang ito ay para alisin o mabawasan ang LEP bilang hadlang sa pag-access ng mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad, at impormasyon ng DTSC at matiyak ang pagtupad ng DTSC sa mga pederal at estadong batas ng karapatang sibil, kabilang ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, Executive Order 13166, at ang California Dymally-Alatorre Bilingual Services Act.

Sa paggawa ng patakarang ito, maraming kadahilanan ang pinag-isipan ng DTSC, kabilang, ngunit hindi limitado, sa:

1. Ang pangangailangan sa pag-access ng wika sa mga proseso ng DTSC at pangangailangang kumolekta at tasahan ang datos sa mga pangangailangan sa LEP ng mga komunidad na apektado ng pagkakaroon ng mapanganib na pasilidad ng basura o mga kontaminadong lugar.
2. Ang pangangailangan para gumawa ang DTSC ng komprehensibong planong pagkilos para matugunan ang mga natukoy na pangangailangan ng LEP.
3. Pagsasaling-wika ng mahahalagang dokumento, kabilang ang mga executive summaries ng mga dokumento ng pasya at mga teknikal na dokumento na makabuluhan ang kahalagahan na hinanda ng DTSC sa pagpapahintulot at mga pagpapasya sa paglilinis, kabilang ang mga hinanda ng DTSC alinsunod sa California Environmental Quality Act (CEQA) (Cal. Pub. Res. Code, § 21000 et seq.)
4. Ang makabuluhang pampublikong partisipasyon sa pamamagitan ng mga proseso na sumusunod sa mga batas ng karapatang sibil, mga regulasyon, patakaran, at gabay at may mga sumusunod na elemento:

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

- a. Isang malinaw na pagbabawal sa mga diskriminasyong gawain, kasama ang mga gawaing intimidasyon at marahas na kapaligiran na humahadlang sa makabuluhang pampublikong partisipasyon.
- b. Pagtatakda at pagsasagawa ng mga pulong at pagdinig sa angkop na oras at lokasyon na tutulong sa kakayahan ng mga miyembro ng publiko na lumahok, kasama ang interpretasyon sa mga pampublikong pulong at pagdinig na isinasagawa ng DTSC at pagsasalang-wika ng mga kasamang visual, handouts at mga presentasyon.
- c. Paghahanda ng mga napapanahong abiso sa Ingles at anumang ibang angkop na wika, na ang Ingles at naisaling bersiyon ay nasa parehong pahina kung maaari, para sa mga workshop, pulong, mga magagamit na draft, panahon ng komento, at mga kaugnay na dokumento at mga publikasyon.
- d. Akomodasyon ng katangiang kultural, linguwistiko, at edukasyon ng mga komunidad na apektado ng pagkakaroon ng mga pasilidad ng mapanganib na basura o mga kontaminadong lugar.

III. MGA MAKABULUHANG AWTORIDAD

Ang sumusunod ay hindi kumpletong listahan ng mga pederal at estadong batas, regulasyon, at gabay na nagbibigay ng pundasyon para sa patakarang ito:

- Title VI of Civil Rights Act of 1964 (Pub. L. No. 88-352 § 601 (July 2, 1964), 78 Stat. 252.)
- Exec Order No. 13166, 65 FR 50121 (Aug. 11, 2000)
- Dymally-Alatorre Bilingual Services Act (Gov. Code, § 7290 et seq.)
- Gov. Code, § 11135
- Health and Saf. Code, § 39711
- Guidance to Federal Financial Assistance Recipients Regarding Title VI Prohibition against National Origin Discrimination Affecting Limited English Proficient Persons, (Exec. Order No. 13166, 69 FR. 35602 (June 25, 2004)).
- U.S. Environmental Protection Agency, Compliance with Executive Order 13166: Improving Access to Services for Persons with Limited English Proficiency, Feb. 10, 2017, (Class. No. 1000.32)

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

- U.S. EPA, External Civil Rights Compliance Toolkit (Jan. 18, 2017)
- Dept. of Toxic Substances Control, Kettleman Title VI Settlement Agreement, Aug. 10, 2016.

IV. PAGPAPATUPAD NG PATAKARAN

Para higit pang gabayan ang pagpapatupad ng patakarang ito, magsasama ang DTSC ng plano sa pag-access sa wika na partikular sa programa at serbisyo bilang mga elemento sa loob ng Civil Rights Implementation Plan ng DTSC, kabilang, at pinakakaunti na ito, ang mga plano sa pag-access ng wika na kaugnay ng pasya sa pagpapahintulot sa pasilidad ng mapanganib na basura, pagpapatupad, mga karagdagang proyekto ng kapaligiran, mga plano sa paglilinis, at mga grants at ibang oportunidad sa pagpopondo.

V. MGA KAHULUGAN

Para sa layunin ng patakarang ito, ang mga kahulugan ng mga terminong nakabalangkas sa ibaba ay lapat:

- a. Bilingual na Tao: isang tao na matatas sa dalawang wika at mahusay sa Ingles at isa pang wika. (Tingnan din ang Cal. Govt. Code, § 7296.)
- b. Interpret o Interpretasyon: ang paglipat ng oral na komunikasyon ng isang wika sa ibang wika habang pinananatili ang parehong kahulugan para masiguro na ang mga taong LEP ay may makabuluhang access sa komunikasyon.
- c. Limited English Proficient (Taong May Limitadong Kagalingan sa Ingles) (LEP): isang tao na ang pangunahing wika ay hindi Ingles, dahil sa limitadong kagalingan sa Ingles, ay dapat makipag-usap sa pangunahing wikang iyon para masiguro ang makabuluhang oportunidad na lumahok at ganap na makinabang sa mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad, at impormasyon ng DTSC.
- d. Posisyon ng Pamublikong Contact: isang posisyon na natukoy ng DTSC na nagbibigay-diin sa kakayahang matugunan, makaugnay, at matulungan ang publiko sa pagganap ng mga gawain ng DTSC. (Cal. Govt. Code, § 7297.)

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

- e. Pag-translate o Pagsasaling-wika: ang pagpalit o pag-sasalin sa nakasulat na salita sa isang wika sa nakasulat na salita sa ibang wika para masiguro na ang mga taong LEP ay magkaroon ng makabuluhang access sa nakasaad na salita.
- f. Mahalagang Dokumento o Impormasyon: mga dokumento o impormasyon na naghahatid ng impormasyon na kritikal na nakakaapekto sa kakayahan ng tatanggap ng impormasyon para gumawa ng may kaalamang desisyon patungkol sa kanyang partisipasyon sa programa, serbisyo, o aktibidad na hinandog ng DTSC. Kung ang dokumento o impormasyon ay mahalaga ay depende sa kahalagahan ng programa, impormasyon o mga kaugnay na serbisyo at ang kahihinatnan o epekto sa mga taong LEP kung hindi nakasalin ang dokumento. Ang dokumento ay maaaring maglaman pareho ng mahalagang impormasyon at hindi mahalagang impormasyon.

VI. MGA PAMAMARAAN SA PAG-ACCESS SA WIKA

Isasagawa ng DTSC ang mga sumusunod na pagkilos, at magbibigay ng mga serbisyo ayon sa nakasalarawan, para matiyak ang maaga, patas, at makabuluhang access ng mga taong LEP sa mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad, at impormasyon ng DTSC:

a. Mga Pangkalahatang Serbisyong LEP:

Para alisin o bawasan ang LEP bilang hadlang sa pagkuha ng mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad, at impormasyon ng DTSC, ang DTSC ay:

1. Mag-eempleyo ng sapat na bilang ng mga kuwalipikadong bilingual na tao sa mga posisyon na nakikipag-ugnay sa publiko para masiguro ang probisyon ng impormasyon at mga serbisyo sa publiko sa mga wika maliban sa Ingles na alinsunod sa mga inaatas ng Dymally-Alatorre Bilingual Services Act, Gov. Code, § 7290 et seq.
2. Lumahok sa Biennial Language Survey para makilala ang lahat ng pangangailangan na wala sa Ingles at ang mga pangunahing wika ng mga indibiduwal at komunidad na sineserbisyuhan ng DTSC.

PATAKARAN SA PAG-ACCESS NG WIKA

PETSA

DTSC-XX-XXX

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

3. Siguruhin na ang Public Participation Manual (Manwal ng Pampublikong Partisipasyon) ay may kasamang mga probisyon para mapadali ang makabuluhang pampublikong partisipasyon ng mga taong LEP kaugnay ng mga panlinis na proyekto ng DTSC, mga pagpasya sa pagpapahintulot sa pasilidad ng mapanganib na basura, mga aktibidad sa pagpapatupad, at mga ibang naaayong aktibidad ng DTSC.
4. Gawing makukuha ng publiko ang impormasyon sa pag-access sa wika para maabisuhan ang mga taong LEP ng patakaran ng DTSC sa pag-access sa wika at mga serbisyo, kabilang ang pagkakaroon ng mga interpreter at mga naisaling materyales. Kasama dito ang, ngunit hindi limitado sa, pagbibigay ng impormasyon sa pag-access sa wika maliban sa Ingles sa lahat ng mga rehiyonal na tanggapan ng DTSC, paggawa ng materyales sa pag-access sa wika na pang-outreach sa mga wikang maliban sa Ingles at pakikipagtulungan sa mga pangkat ng komunidad at mga organisasyon para abisuhan ang mga taong LEP ng tulong sa pag-access sa wika, at paggawa ng impormasyon sa pag-access sa wika sa mga wikang maliban sa Ingles na makukuha sa website ng DTSC.
5. Isama ang mga pederal at estadong karapatang sibil at mga inaatas ng pag-access sa wika sa lahat ng mga angkop na patakaran, pamamaraan, bid, katiyakan, mga grant at mga kontrata ng DTSC.
6. Ipagkalat ang mga inaatas ng pederal at estado sa karapatang sibil at ang pag-access sa wika sa lahat ng mga kontratista, subcontractor ng DTSC; at mga benepisyaryo ng pagpopondo ng estado at pederal.

c. Pagsasaling-wika ng Mga Mahahalagang Dokumentong at Impormasyon

Isasaling-wika ng DTSC ang mahahalagang dokumento o impormasyong kaugnay ng mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad at impormasyon ng DTSC. Minsan, ang mga dokumento ay maglalaman pareho ng mahalagang impormasyon at hindi mahalagang impormasyon, kung saang kaso, ang tanging mahalagang impormasyon ang maaaring maisaling-wika, at hindi na ang hinding mahalagang impormasyon. Ang mahahalagang dokumento at impormasyon ay dinetermina sa batayang ayon sa kaso, isinasaalang-alang ang mga kadahilanan, tulad ng: (1) bilang o proporsiyon ng mga taong LEP na

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

nararapat na maserbisyuhan ng programa, serbisyo, aktibidad, o impormasyon ng DTSC; (2) ang dalas kung kailan ang mga taong LEP ay makakaugnay ng programa, serbisyo, aktibidad o impormasyon ng DTSC; (3) ang katangian at kahalagahan ng programa, serbisyo, aktibidad o impormasyon ng DTSC sa buhay ng mga tao; at (4) ang mga dulugang magagamit ng DTSC at mga gastusing kaugnay ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika.

Ang mga dokumentong maaaring ituring na mahalaga o maaaring maglaman ng mahalagang impormasyon ay maaaring may kasamang, pero hindi limitado sa, mga dokumento na kailangan para lubusang maunawaan ng publiko ang mga programa, serbisyo, aktibidad o impormasyon ng DTSC, kabilang ang mga teknikal at ibang dokumentong kaugnay ng mga pasya at aktibidad ng DTSC na kaugnay ng mga pasilidad ng mapanganib na basura at mga kontaminadong lugar. Kabilang sa mga halimbawa ang, ngunit hindi nalilimitahan sa:

- Mga administratibong form
- Mga form ng aplikasyon
- Mga form sa pagrereklamo
- Mga liham
- Mga newsletter
- Mga Update sa Komunidad
- Mga materyales sa outreach at pang- edukasyon
- Dokumentasyon sa pagpapahintulot
- Mga Pamublikong Abiso at Mga Abiso sa Diyaryo
- Mga Fact Sheet
- Mga teknikal na dokumento
- Mga pangkapaligirang dokumentong inihanda alinsunod sa California Environmental Quality Act (Batas sa Kalidad ng Kapaligiran ng California) o "CEQA"

Ang determinasyon ng mahahalagang dokumento at impormasyon ay higit pang tatalakayin sa Civil Rights Implementation Plan (Planong Pagpapatupad ng Mga Karapatang Sibil) ng DTSC.

d. Access sa Mga Isinaling-wikang Dokumento:

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

1. Gagawin ng rehiyonal na tanggapan ng DTSC na puwedeng makuha ng mga taong LEP ang mga naisaling-wikang dokumento ayon sa pangangailangan upang matiyak ang maaga, patas at makabuluhang access sa mga programa, serbisyo, aktibidad at impormasyon ng DTSC.
2. Ang bawat rehiyonal na tanggapan ng DTSC ay magbibigay, ayon sa pangangailangan, ng impormasyon na maaaring makaapekto sa mga karapatan, tungkulin o pribilehiyo ng publiko alinsunod sa mga serbisyo o benepisyo ng DTSC sa mga wika maliban sa Ingles.
3. Magbibigay ang DTSC ng access sa mga isinaling-wikang dokumento sa website ng DTSC.
4. Magbibigay ang DTSC ng mga isinaling-wikang materyales sa mga taong LEP sa pamamagitan ng koreo, email, o mga ibang paraan ng komunikasyon na alinsunod sa Public Participation Policy ng departamento at Civil Rights Implementation Plan ng DTSC.

b. Mga Serbisyo sa Pagsasaling-wika:

Magbibigay ang DTSC ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika na kaugnay ng mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad at impormasyon ng DTSC, kabilang ang mga isinagawa ng DTSC na pampublikong pulong, pampublikong pagdinig at mga ibang pampublikong kaganapan. Ang pangangailangan para sa mga serbisyo sa pagsasaling-wika ay dedeterminahin sa batayang ayon sa kaso, isinasaalang-alang ang mga kadahilanan, tulad ng: (1) bilang o proporsiyon ng mga taong LEP na sineserbisyuhan o potensiyal na apektado ng programa, serbisyo, aktibidad o impormasyon ng DTSC; (2) ang dalas kung kailan ang mga taong LEP ay makakaugnay o maaapektuhan ng programa, serbisyo, aktibidad o impormasyon ng DTSC; (3) ang katangian at kahalagahan ng programa, serbisyo, aktibidad o impormasyon ng DTSC sa buhay ng mga tao; at (4) ang mga dulugang magagamit ng DTSC at mga gastusing kaugnay ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pagsasaling-wika.

Sisiguruhin ng DTSC na ang mga interpreter na gagamitin ng DTSC ay kuwalipikado at/o sertipikadong magsagawa ng mga serbisyong hinihiling para sa (mga) wika kung saan sila nasertipikahan bilang matatas. Sisiguruhin ng DTSC na ang mga interpreter ay:

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

- Magpapakita ng kahusayan at kakayahang magkomunika ng impormasyon sa Ingles at sa ibang wika at gagamitin ang angkop na paraan ng pag-interpret (hal. kasunod, kasabay, pagbubuod o pagsasalin sa pamamagitan ng pagpapakita).
- May kaalaman sa dalawang wika sa anumang dalubhasang termino o konseptong partikular sa mga programa, serbisyo o aktibidad ng DTSC at o anumang partikular na bokabularyo at parirala na ginagamit ng mga taong LEP.
- Maunawaan at sundin ang mga patakaran sa pagiging kumpidensiyal at walang pagkiling kapareho ng mga empleyado ng DTSC at matugunan ang mga inaasahan ng DTSC alinsunod sa pagtataguyod at pagsuporta sa kultura ng respeto at maaga, patas at makabuluhang access.
- Maunawaan at sumunod sa tungkulin nila bilang mga interpreter.

e. Pagsasanay ng Human Resources at Kawani

Aktibong itataguyod at susuportahan ng DTSC ang kultura ng respeto at maaga, patas at makabuluhang access sa mga kritikal na programa, serbisyo, aktibidad, at impormasyon ng DTSC:

1. Sa pamamagitan ng Office of Administrative Services (Tanggapan ng Mga Administratibong Serbisyo) ng DTSC, pagsiguro na ituturing ng DTSC ang mga pangangailangan sa access sa wika sa pag-recruit, pag-hire, pagsasanay at pagsusuri sa kawani nito, bilang angkop sa mga partikular na tungkulin ng posisyon.
2. Sa pamamagitan ng Office of Administrative Services (Tanggapan ng Mga Administratibong Serbisyo) ng DTSC, pagbibigay ng bilingual na sertipikasyong eksaminasyon at pagpapanatili ng listahan ng mga empleyado na sinertipikahang bilingual, kabilang ang (mga) wika kung saan sertipikado ang empleyado.
3. Magsiguro na ang mga sertipikadong bilingual na empleyado ay nararapat sa mga premium sa sahod, alinsunod sa mga regulasyon ng serbisyong sibil at mga ibang angkop na gabay mula sa California Department of Human Resources (CalHR).

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

4. Sa pamamagitan ng Office of Administrative Services (Tanggapan ng Mga Administratibong Serbisyo), sa pakikipagtulungan sa Office of Civil Rights (Tanggapan ng Karapatang Sibil), magbibigay ng pagsasanay sa kawani ng DTSC sa pagkakaiba atpagsasama, karapatang sibil at access sa wika, kasama ang pagsasanay sa pagtukoy ng mga pangangailangan sa wika at mga proseso, mga kasangkapan, at dulugang makukuha para matugunan ang mga pangangailangang iyon. Ang edukasyon at pagsasanay ay magbibigay-diin sa komunikasyon, pag-unawa, pakikipag-sosyo at mga kahusayan at kasangkapan na kailangan para sa makabuluhang pakikipag-ugnay.

VII. MGA KATANUNGAN AT MGA REKLAMO

Para sa mga tanong tungkol sa patakarang ito, mangyaring kontakin ang Office of Civil Rights ng DTSC sa pamamagitan ng telepono sa (916) 324-3094 o sa email ocr@dtsc.ca.gov. Maaari mo ring kontakin ang Office of Civil Rights gamit ang facsimile sa (916) 322-2844 o sa pamamagitan ng pagsulat sa:

Attn: Office of Civil Rights
Department of Toxic Substances Control
1001 "I" Street, 12th Floor
Sacramento, CA 95814

Kung naniniwala ka na hindi nakakapagbigay ang DTSC sa iyo ng kasiya-siyang serbisyo sa pag-access sa wika, maaari kang mag-submit ng Communication Assistance Resolution Form (Form 1602) sa Office of Civil Rights ng DTSC. May kopya ng Communications Assistance Resolution Form ng DTSC ang nakalakip bilang Attachment A sa patakarang ito. Ang Communication Assistance Resolution Form ng DTSC ay makukuha rin sa website ng DTSC sa https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC_1602.pdf (Ingles) o https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC_1602E.pdf (Espanyol) o sa pagtawag sa Office of Civil Rights ng DTSC sa (916) 324-3094. Maaari ka ring makiugnay sa State Personnel Board sa (866) 889-3278 patungkol sa anumang alalahaning mayroon ka patungkol sa mga serbisyo sa pag-access sa wika ng DTSC.

Kung naniniwala ka na sumailalim ka sa asal na labag sa patakarang ito o ibang nagdidiskriminang pagtrato bilang paglabag sa mga batas ng karapatang sibil ng pederal at

**Ang dokumentong ito ay hindi pa aprubado ng DTSC
at para lang sa layunin ng talakayan**

estado, maaari kang magsampa ng reklamo sa DTSC gamit ang Civil Rights Complaint Form (Form XXXX) ng DTSC, na makukuha sa website ng DTSC sa

_____ o sa pagtawag sa Office of Civil Rights ng DTSC sa (916) 324-3094. Para sa karagdagang impormasyon, pakitawagan ang Civil Rights Policy ng DTSC, DTSC-XX-XXXX (PETA).

VIII. MGA DULUGAN

- Communication Assistance Resolution Form (Form 1602) ng DTSC:
https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC_1602.pdf (Ingles)
https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/upload/DTSC_1602E.pdf (Espanyol)
- Complaint Form for Denial of Services ng DTSC:

- Public Participation Manual ng DTSC:
<https://dtsc.ca.gov/LawsRegsPolicies/Policies/PPP/upload/DTSC-PublicParticipationManual.pdf>
- Listahan ng mga naisaling-wikang publikasyon ng DTSC:
<http://dtsc.ca.gov/PublicationsForms/index.cfm>